


Abiso Tungkol sa Pagpapabakuna Kontra COVID-19



Proseso ng Pagpapabakuna

Mula sa Pfizer ang ginagamit na bakuna sa mass vaccination site at medical institution ng Mitoyo City nitong Hulyo ng 2021.

1 Sagutan ang Preference Survey Postcard (o kaya ay sagutan online)

Lagyan ng sa angkop na lugar ng nakalalagip na postcard.

[Nilalaman ng survey]

- 1 Nais o hindi nais magpapabakuna
- 2 Mayroon o walang kondisyong pangkalusugan
- 3 Lugar kung saan nais magpapabakuna

Maaaring sagutan online. Siguraduhin na ang sariling Vaccination Ticket Number ang isasagot at huwag magkakamali rito. Maaaring hindi tanggapin kapag nagkamali sa pagsagot. Kapag nagsagot online, hindi na kailangang tumugon sa postcard.

*Hindi kailangang tumugon kapag bukanado na.

*Ang lungsod ang tutukoy sa lugar, petsa, at oras ng pagpapabakuna.

*Para sa mga mayroong kondisyong pangkalusugan, isaad ang number ng medical institution na regular na pinupuntahan (sumangguni sa annex).

Gayunpaman, may posibilidad na hindi maaaring magpapabakuna sa pinupuntahang medical institution. Hinihiling ang inyong pag-unawa.

***Kumpirmahin na ang nakasaad na Vaccination Ticket Number sa ibabang kaliwang sulok ng likuran ng postcard ay sa iyo** bago sagutan ang Preference Survey.

Ang Vaccination Ticket Number ay ang 10-digit na numerong nakasaad sa nakalalagip na Vaccination Ticket.

QR Code

2 Ipadala ang Preference Survey Postcard (o kaya ay sagutan online)

Ihulog sa postbox matapos sagutan.

3 Hintayin ang Reservation Completion Postcard ⇒ Magpapabakuna

Kapag natukoy na ang petsa, oras, at lugar ng reserbasyon, magpapadala ng Reservation Completion Postcard mula sa lungsod.

Magpapabakuna ayon sa nakasaad na petsa, oras, at lugar sa postcard.

Mga dadalhin sa araw ng bakuna

- Vaccination Ticket (nakalalagip)
- Dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan (driver's license, health insurance card, at iba pa)
- Preliminary Examination Slip (sagutan ang 1 sa 2 na nakalalagip na Preliminary Examination Slip at dalhin ito.)
- Prescription record (para sa mayroon lamang)



Magsuot ng mask at ng damit na madaling mailalabas ang balikat tulad ng "short-sleeve" sa iyong pagpunta.

*Sa araw ng pagpapa-bakuna, kunin ang temperatura ng katawan sa iyong tahanan. Kapag malinaw na ikaw ay may lagnat o hindi maganda ang pakiramdam, iwasan ang magpapabakuna at tumawag sa **call center o kaya sa medical institution kung saan may reserbasyon ng pagpapabakuna.**

*Pagkatapos magpapabakuna, kailangang manatili nang 20 minuto bilang follow-up observation.

*Upang makamit ang sapat na epekto ng bakuna, kailangang magpapabakuna nang ika-2 beses gamit ang parehong uri ng bakuna matapos ang nakatakdang agwat ng panahon. Pagkatapos ng ika-1 bakuna, kumpirmahin ang araw ng reserbasyon para sa ika-2 pagbakuna at magpapabakuna.

*Ang nakalalagip na "Vaccination Ticket" ay nagsisilbing "Vaccination Ticket" para sa 2 bakuna at "Vaccination Certificate" sa iisang card. Huwag itong gupitin at dalhin ang buong card sa bawat beses na magpapabakuna.



◎ Mga indibidwal na may kondisyong pangkalusugan

Ang pagbabakuna sa mga indibidwal na may kondisyong pangkalusugan ay isasagawa kasunod ng mga senior citizen. Ang indibidwal na may kondisyong pangkalusugan ay tumutukoy sa indibidwal na kabilang sa kahit ano sa mga sumusunod (batay sa impormasyon noong Marso 18, 2021)

1. Indibidwal na mayroong sakit o kalagayan na nasa ibaba na outpatient o naka-confine

1. Kronikong sakit sa baga
2. Kronikong sakit sa puso (kabilang ang hypertension)
3. Kronikong sakit sa bato
4. Kronikong sakit sa atay (liver cirrhosis at iba pa)
5. Diabetes na kasalukuyang ginagamot gamit ang insulin o gamot na iniinom o diabetes na nagdadala ng komplikasyon ng ibang sakit
6. Sakit sa dugo (maliban sa iron-deficiency anemia)
7. Sakit na nagpapahina sa abilidad ng immune system (kabilang ang ginagamot na malignant tumor)
8. Tumatanggap ng paggamot na nagpapahina sa immune system tulad ng steroid
9. Neurological at neuromuscular na sakit na may kaugnayan sa abnormalidad sa immune system
10. Paghina ng abilidad ng katawan dulot ng neurological at neuromuscular na sakit (hirap sa paghinga at iba pa)
11. Chromosome abnormality
12. Malubhang mental at pisikal na kapansanan (kondisyon na nagkapatong ang malubhang pisikal at mental na kapansanan)
13. Sleep apnea syndrome
14. Malubhang sakit sa pag-iisip (kasalukuyang naka-confine para sa pagpapagamot ng sakit sa pag-iisip, mayroong Mental Disability Certificate, o kaya ay saklaw ng "severe and continuing" sa Services and Supports for Persons with Disabilities (ambulant mental medical service)) o kapansanan sa pag-iisip (mayroong Medical rehabilitation handbook)

2. Indibidwal na labis ang katabaan na saklaw ng pamantayan (30 o higit pa ang BMI)

*BMI = timbang (kg) ÷ tangkad (m) ÷ tangkad (m)

*Batayan ng 30 na BMI: 170cm ang tangkad at 87kg ang timbang, 160cm ang tangkad at 77kg ang timbang

◎ Tungkol sa side effects at relief system

Sa relief system, makatanggap ng relief (benepisyong tulad ng medikal na pangastos at disability pension) batay sa Immunization Act kapag nagkaroon ng pinsala sa kalusugan dulot ng bakuna at nangailangan magpapagamot sa medical institution o nagkaroon ng kapansanan.

Para sa detalyadong impormasyon tulad ng pagiging epektibo at ligtas ng COVID-19 vaccine, bisitahin ang ispesyal na website sa bakuna ng Prime Minister of Japan and His Cabinet.

Prime Minister's Office of Japan
coronavirus vaccine

Search



Kapag hindi mabuksan ang website, kumonsulta sa tinitirahang munisipalidad.

◎ Kailangan ang pagsang-ayon ng taong magpapabakuna upang makatanggap ng bakuna

Para sa mga indibidwal na nagpapagamot ng sakit o may pangamba sa kalusugan sa pagpapabakuna, kumonsulta muna sa regular na kinokonsultang doktor at pag-isipan ang pagpapabakuna.

◎ Tungkol sa pagpapabakuna sa lugar kung saan walang residence certificate

Indibidwal na magpapabakuna sa medical institution o pasilidad kung saan naka-confine o nanunuluyan → Kumonsulta sa medical institution o pasilidad

Indibidwal na magpapabakuna sa medical institution kung saan nagpapagamot ng kondisyong pangkalusugan → Kumonsulta sa medical institution

Para sa indibidwal na hindi naglipat ng residence certificate at gustong magpapabakuna sa aktwal na tinitirahang lugar

→ Magtanong sa consultation desk ng aktwal na tinitirahang munisipalidad. May posibilidad na makapagpapabakuna sa tinitirahang lugar.

Maaari ring kumpirmahin sa COVID-19 Vaccine Navi.

Contact Information

Tungkol sa reserbasyon ng bakuna
Tungkol sa konsultasyon ng bakuna

mitoyo
➔ Mitoyo City Call Center: 0875-63-3104
(8:30~17:30 *maliban sa Linggo at holiday)

Contact information para sa indibidwal na may kapansanan sa pandinig
FAX 0875-63-8333

Tungkol sa side effect

➔ Kagawa Prefecture Call Center: 0570-009-550
(9:00~17:30 *bukas din kapag Sabado, Linggo, at holiday)